



Republika ng Pilipinas
Lungsod Quezon
SANGGUNIANG PANLUNGSOD
(City Council)

PR2000-213

Ika-66 na Karamwang Pulong

RESOLUSYONG BLG. ~~SP-1443~~ S-2000

ISANG RESOLUSYON NG PAGSASALUNGAT SA PANUKALANG BATAS NG MABABANG KAPULUNGAN BLG. 8460 NA NAGTATALAGA SA WIKANG INGLIS BILANG OPISYAL NA WIKA SA LAHAT NG PAGSUSULIT NA ITINATAGUYOD NG PAMBANSANG PAMAHALAAN.

Panukala nina Konsehal EUFEMIO C. LAGUMBAY, ANTONIO L. SIOSON, VINCENT P. CRISOLOGO, ELIZABETH A. DELARMENTE, GODOFREDO T. LIBAN II, WINSTON "Winnie" T. CASTELO, MARCIANO P. MEDALLA, MICHAEL F. PLANAS, JULIAN M.L. COSETENG, JESUS C. SUNTAY, RAMON G. MATHAY, BAYANI V. HIPOL at ALMARIO E. FRANCISCO

SAPAGKAT, ang wikang Filipino ay itinakda ng ating saligang batas bilang pambansang salita ng pakikipagtalastasan;

SAPAGKAT, ang paggamit ng wikang ito ay itinuturo sa bawat mamamayan ng bansang Pilipinas simula pa lamang sa elementarya hanggang sa mataas na paaralan;


SAPAGKAT, ang pamahalaan ng Pilipinas ay may mga programa na patungkol sa paggamit ng sariling wika upang malinang ang kulturang Filipino at maitanim sa isipan ng bawat isa ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng sariling wika;

SAPAGKAT, ang panukala ng Mababang Kapulungan sa paggamit ng wikang Ingles bilang pamamaraan ng komunikasyon sa lahat ng pagsusulit na itinataguyod ng pamahalaan ay salungat sa mga layunin at adhikain ng gobyerno hinggil sa paggamit ng sariling wika, maging sa pagsasalita sa pakikipagtalastasan man o sa mga pagsusulit.


NGAYON, SAMAKATUWID,

PAGTIBAYIN NAWA. HABANG PINAGTITIBAY ITO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON, SA PAGPUPULONG NA GINANAP, ang pagsalungat sa panukalang batas ng Mababang Kapulungan Blg. 8460 na nagtatalaga sa wikang Ingles bilang opisyal na wika sa lahat ng pamamaraan ng pakikipagtalastasan sa lahat ng pagsusulit na itinataguyod ng pambansang pamahalaan.

IPINAGTIBAY : Agosto 29, 2000


CONNIE S. ANGELES
Pangalawang Punong Lungsod
Tagapamahala

NAGPAPATUNAY:


EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod